

Ang FEMA ay Naghahanap ng mga Lokal na Residente upang Suportahan ang Pagbangon mula sa Wildfire

Release Date: Marso 13, 2025

LOS ANGELES – Naglunsad ang FEMA ng proseso ng pag-hire upang ipagpatuloy ang suporta nito sa pagbangon ng California mula sa mga wildfire sa Eaton at Palisades sa Los Angeles County.

Ang mga residente ng California na interesado sa isang pansamantalang posisyon sa FEMA at sa iba't ibang tungkulin sa emergency management ay maaaring mag-aplay sa pamamagitan ng [USAJobs.gov](https://www.usajobs.gov). Tatawagan ang mga aplikante para sa mga panayam, at ang mga matatanggap ay magiging bahagi ng isang recovery team na kasalukuyang nakatalaga, na binubuo ng mga lokal at pederal na manggagawa, mga boluntaryong ahensya, at mga organisasyon ng komunidad.

Ang mga sumusunod na departamento ay may mga bakanteng posisyon sa Los Angeles County: Acquisitions, Civil Rights, External Affairs, Disaster Field Training Operations, Hazard Mitigation, Human Resources, Individual Assistance, Interagency Recovery Coordination, Information Technology, at Public Assistance and Planning.

Ang pagtatrabaho para sa pederal na gobyerno ay may maraming benepisyo, [kabilang ang mahusay na mga benepisyo](#), [flexible na iskedyul ng trabaho](#), mga oportunidad para sa propesyonal na paglago, katatagan, at posibilidad ng paglipat sa iba't ibang ahensya.

Ang mga interesadong aplikante ay maaaring bumisita sa [USAJobs.gov](https://www.usajobs.gov) upang mag-aplay. Para sa mga katanungan tungkol sa isang posisyon o kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring mag-email sa: FEMA-DR4856-LocalHire@fema.dhs.gov.



FEMA

Page 1 of 2

Ang FEMA ay hindi nagtatangi sa empleyo batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, pagbubuntis, bansang pinagmulan, pagkakaugnay sa politika, katayuang mag-asawa, kapansanan, impormasyong henetiko, edad, pagiging miyembro ng isang organisasyon ng empleyado, pagganti, katayuang magulang, serbisyo sa militar, o iba pang hindi batay sa merito na salik. Ang mga aplikanteng nangangailangan ng reasonable accommodation sa anumang bahagi ng proseso ng pag-hire ay dapat makipag-ugnayan sa FEMA-DR4856-LocalHire@fema.dhs.gov. Ang mga pagpapasya sa mga kahilingan para sa reasonable accommodation ay gagawin batay sa bawat kaso.

Sundan ang FEMA online sa X [@FEMA](#) o [@FEMAEspanol](#), sa [Facebook page ng FEMA](#) o [FEMA Español](#), at sa [YouTube account ng FEMA](#). Para sa impormasyon tungkol sa kahandaan, sundan ang Ready Campaign sa X sa [@Ready.gov](#), sa Instagram sa [@Ready.gov](#), o sa [Ready Facebook page](#).



FEMA

Page 2 of 2